

Filipino sa Piling Larang Teknikal-Bokasyunal



**Filipino sa Piling Larang- Teknikal-Bokasyunal
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Ikalimang Linggo: Sulating Teknikal-Bokasyunal: Naratibong
Ulat
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Filipino sa Piling Larang: Teknikal Bokasyunal	
Manunulat:	John Vincent V. Conde
Editor:	Tommy R. Rico
Tagasuri:	Sheila C. Molina, Jovanni L. Cornelia, Amaflor C. Alde
Tagaguhit:	Ferdinand B. Jara
Tagalapat:	Allan G. Salom
Tagapamahala:	Wilfredo E. Cabral, PhD Jennifer F. Vivas, PhD Dennis M. Mendoza Jocelyn M. Alinab, PhD Tommy R. Rico

**Inilimbag sa Pilipinas ng SDO Caloocan
Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)**

Office Address: Misamis St., Bgao Bantay, Quezon City, Philippines
Telefax: (632) 8929-0153
E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Filipino sa Piling Larang Teknikal- Bokasyunal

Ikalawang Markahan – Ikalimang Linggo Naratibong Ulat

Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay kolaboratibong binuo at sinuri ng mga lupon ng mga edukador sa pampublikong paaralan. Hinihikayat na ang mga guro mag-aaral, at mga magulang na magbigay ng puna at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Lubos po naming pahahalagahan ang inyong puna at rekomendasyon.

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal-SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Naratibong Ulat

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang: Teknikal- Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Naratibong Ulat.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon, at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin


Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat na makakatulong sa lubos na pagkatuto. Makakatulong ito upang mabatid ang kaligirang kaalaman sa teknikal na mga sulatin. Ang saklaw ng modyul na ito ay angkop sa iba't ibang pamamaraang pampagkatuto. Ang mga aralin ay nilapatan ng angkop na talasalitaan na magagamit sa pag-unawa sa nilalaman ng bawat teksto. Ang mga aralin ay nakadisenyo batay sa sistematikong balangkas ng kurso.

Ang modyul ay may isang aralin:

- Aralin 5- Naratibong Ulat

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

- Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika **(CS_FTV11/12WG-0m-o-95)**
 1. Nakasusulat ng panimulang naratibong ulat sa tulong ng mga larawan;
 2. Nakasusulat ng isang naratibong ulat batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika;
 3. Nakikipag-ugnayan sa iyong mga kamag-aral at magkaroon isang birtuwal na pagpupulong/oryentasyon/seminar o worksyap na nagpapakita ng isang aktuwal na senaryo sa pinagtatrabahuhang kumpanya;
 4. Nakapangangalap ng mahahalagang impormasyon hinggil sa isang karanasan ng isang mag-aaral ukol sa *OJT*; at
 5. Nasusuri ang mga nasaliksik na halimbawa ng naratibong ulat



Subukin

Basahin ang mga tanong at piliin ang letra ng tamang sagot.

- ___ 1. Alin sa mga sumusunod na elemento ang **wala** sa isang naratibong ulat?
- A. Walang Pagkiling
 - B. Piksyon Lamang
 - C. Kronolohikal na Pagkakaayos
 - D. Hindi Maaari ang Sariling Pananaw sa mga Pangyayari
- ___ 2. Ano ang hindi katangian ng maayos na pamagat ng isang naratibong ulat?
- A. maikli
 - B. orihinal
 - C. katawa-tawa
 - D. kapana-panabik
- ___ 3. Alin sa mga halimbawa ang **hindi** angkop sa pagsulat ng naratibong ulat?
- A. Masigasig na sinalubong ng mga mag-aaral ang bagong punungguro.
 - B. Masayang-masayang sinalubong ng mga guro ang bagong punungguro nang may kaunting pag-aalinlangan.
 - C. Hindi kaayaaya ang mukha ng mga guro, mga mag-aaral, at iba pang kawani ng paaralan ang bagong punungguro.
 - D. Sinalubong ng mga guro, mga mag-aaral, at iba pang kawani ng paaralan ang bagong punungguro nang may hawak na *flaglet*.
- ___ 4. Ano tawag sa isang dokumentong naglalahad ng kronolohikal o sunod-sunod na pangyayari sa buhay ng isang tao at grupo ng isang tao ukol sa isang partikular na layunin?
- A. Mga Tala
 - B. Naratibong Ulat
 - C. Minuto ng Pulong
 - D. Liham Pangangalakal
- ___ 5. Alin sa mga pagpipilian ang tanong na **hindi** sinasagot ng naratibong ulat?
- A. Kailan?
 - B. Paano?
 - C. Saan?
 - D. Ano?
- ___ 6. Alin sa mga pahayag ang naglalahad ng kahalagahan ng isang naratibong ulat?
- A. Upang makapagbigay ng sapat na impormasyon sa mga taong nangangailangan nito ukol sa isang partikular na paksa at usapin.
 - B. Upang makapagkuwento ng mga bagay-bagay na papatok sa panlasa ng madla at makapagbigay-aliw.
 - C. Naibibigay nito ang malinaw na daloy ng pangyayaring mula sa imahinasyon ng manunulat.
 - D. Nakapaglalahad ito ng mga pangyayaring nakabatay sa opinyon ng manunulat.
- ___ 7. Ano ang tawag sa sunod-sunod na ayos ng mga pangyayari sa isang naratibong ulat?
- A. kronolohikal
 - B. balangkas
 - C. banghay
 - D. proseso

___8. Sa paanong paraan binabanggit ng ikalawang ulit ang pangalan ng isa sa mga taong kasangkot sa iyong isinusulat na dokumentong naratibo?

- A. buong pangalan
- B. apelyido na lamang
- C. una at gitnang pangalan
- D. unang pangalan at apelyido

___9. Sa paanong paraan binabanggit sa ikalawang pagkakataon ang may kaparehong apelyido ng isa sa mga taong kasangkot sa iyong isinusulat na naratibong ulat?

- A. Buong pangalan
- B. Apelyido na lamang
- C. Una at gitnang pangalan
- D. Inisyal ng Unang pangalan at apelyido

___10. Alin sa mga katwiran ang wasto sa paglalakip ng resolusyon sa isang naratibong ulat?

- A. Maglalakip lamang ng resolusyon kung ang naging pagpupulong ay naglalayong magkaroon ng paglilinaw, rekomendasyon, at desisyon.
- B. Maglalakip lamang ng resolusyon kung ang naging pagpupulong ay naglalayong magkaroon ng alitan sa mga taong kasangkot.
- C. Ang naratibong ulat ay pawang pagkukuwento lamang tulad ng isang maikling kuwento na maaaring may resolusyon o wala.
- D. Hindi kailanman nilalakipan ng resolusyon ang isang naratibong ulat dahil ang layunin lamang nito ay maglahad ng pangyayaring batay sa pagkakasunod-sunod.

Isulat ang tsek (/) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng katotohanan ukol sa naratibong ulat, ekis (X) naman kung hindi.

___11. May kawili-wiling umpisa hanggang wakas.

___12. Isa itong sistematikong dokumentasyon ng mga pangyayaring naganap na maaaring mabalikan kung kakailanganin.

___13. Naipababatid din nito ang mahahalagang bagay na nangyari nang detalyado at tiyak.

___14. Isinasalaysay sa wakas na bahagi ng isang naratibong ulat kung sino-sinong tao ang nagsalita, nagbigay ng pampasiglang bilang, at iba pa.

___15. Inilalahad sa panimulang bahagi ng isang naratibong ulat ang mga bagay na iyong natutuhan na makatutulong sa larang na iyong tinatahak.

Aralin

5

Teknikal Bokasyunal: Ang Naratibong Ulat

Malaki ang papel na ginagampanan ng pagkakaroon ng kabatiran sa pagsulat ng mga teknikal na sulatin tulad ng naratibong ulat. Maaari mong mailapat ang iyong mga natutuhan kapag ikaw ay pinagawa ng iyong guro matapos ng isang matagumpay na *OJT*. Ito rin ay iyong magagamit sa aktuwal na pagtatrabaho dahil ito ay kinakailangan upang maidokumento ang mahahalagang pangyayari sa loob o labas ng opisina. Aalamin mo sa tulong ng modyul na ito kung paano sumulat ng epektibong naratibong ulat.



Balikan

Halina't balikan natin ang nakaraang aralin!

Itala sa loob ng kahon ang mga bagay na iyong natutuhan sa nakaraang aralin.
(5 puntos bawat kahon)

**Natutuhan
#1**

**Natutuhan
#2**

**Natutuhan
#3**

Pamantayan sa Pagwawasto:

- 5 puntos- Nagpapakita ng komprehensibo, malawak, at organisadong paglalatatag ng mga idea at impormasyon.
- 4 puntos- Nagpapakita ng maayos na paglalatatag ng mga idea at impormasyon.
- 3 puntos- Nagpapakita ng maayos na paglalatatag ng mga idea subalit may bahagyang kakulangan sa mga detalye.
- 2 puntos- Nangangailangan pa ng muling pag-aaral at pag-unawa sa nakaraang aralin.
- 1 punto- Nangangailangan pa ng intensibong pag-aaral sa nakaraang aralin.



Tuklasin

Palawakin ang Imahinasyon.

Isipin mong ang iyong paaralan ay nagdaos ng isang gawain patungkol sa mga lutuing pinoy na nilahukan ng mga mag-aaral sa *Strand na Cookery*. Ikaw ang naatasang magdokumento ng nasabing aktibidad. Gamit ang mga salita sa ibaba, sumulat ng isang naratibong ulat ukol sa mga pangyayaring naganap noong araw na iyon.

mga putaheng pinoy

magagarang palamuti

masasayang ngiti ng
mga mag-aaral

mga makukulay na
bandiritas

mga gurong
nagsisilbing hurado

Gabay na Tanong:

1. Ano-ano ang mahahalagang kaganapan sa gawain na iyong binigyan ng pansin? Bakit?

2. Anong pamamaraan ang iyong ginamit upang makabuo ng naratibong ulat?



Suriin

Ano nga ba ang Naratibong Ulat?

Isa itong uri ng teknikal na sulatin na naglalahad ng kronolohikal na pagkakaayos ng mga pangyayaring naganap sa isang pagpupulong, kumperensya, kumbensyon, programa, palatuntunan, at iba pa. Isa itong dokumentong nilalayong isulat upang maging batayan sa mga susunod pang pangyayaring may kaugnayan sa isinasalaysay. Ito rin ay maaaring magsilbing patunay o ebidensiya na ang isang kaganapan ay naisakatuparan o nangyari.

Bakit mahalaga ang ganitong uri ng sulatin?

- Isa itong sistematikong dokumentasyon ng mga pangyayaring naganap na maaaring mabalikan kung kakailanganin.
- Magagamit ito sa mga pagpapalano, pagsusuri sa isang pangyayari, at batayan sa mas higit na mahusay na programa.
- Naglalaman ito ng mga mahahalagang tala na magagamit sa mga pananaliksik.
- Naipabatid din nito ang mahahalagang bagay na nangyari nang detalyado at tiyak.

Ano-ano ang mga elemento ng Naratibong Ulat?

- **Kronolohikal na Porma.** Kinakailangan sa pagsulat ng ganitong uri ng sulatin ang maayos na paglalahad ng mga pangyayari ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito. Mahigpit na ipinagbabawal ang patalontalon na pagsasalaysay at walang kaisahan sa paghahabi ng mga pangyayaring nagdudulot ng kalituhan sa mga mambabasa.

- **Walang Pagkiling o Paglalapat ng Sariling Opinyon sa mga Pangyayari.**
Kailanman ay hindi maaaring magbigay ng sariling opinyon, kuro-kuro, at reaksiyon sa pagsulat ng naratibong ulat. Ilahad lamang ang eksakto at aktuwal na nangyari. Huwag husgahan ang damdamin ng mga taong kasangkot sa kaganapan batay sa kung anong nakita mo sa ekspresyon ng kanilang mukha maging ang iyong sariling damdamin.

Halimbawa ng wastong pagsasalaysay:

Sinalubong ng malakas na palakpakan ang bagong halal na pangulo sa kaniyang isinagawang talumpati.

Dapat iwasan:

Sinalubong ng malakas na palakpakan ang bagong halal na pangulo sa kaniyang isinagawang nakaaantok na talumpati.

Mga Katangian ng Isang Naratibong Ulat

- May Mabuting Pamagat (Maikli, orihinal, kawili-wili, at kapana-panabik)
- Mahalagang Paksa
- May Maayos na Pagkakasunod-sunod
- Kawili-wiling Simula Hanggang Wakas

3 Bahagi ng Naratibong Ulat	
SIMULA	<ul style="list-style-type: none"> • Panimulang pangyayari mula sa kung paano nagsimula ang palatuntunan/seminar/kumpetisyon/pagpupulong na nakabatay sa programa o imbitasyon. • Isinasalaysay rin dito kung sino-sinong tao ang nagsalita, nagbigay ng pampasiglang bilang at iba pa.
GITNA	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbubuod sa mga naganap na panayam at pagtalakay sa mga paksa. • Inilalahad din dito ang mga bagay na iyong natutuhan na makatutulong sa larang na iyong tinatahak. <p>Halimbawa: Seminar ukol sa paggamit ng mga makabagong <i>software</i> at <i>hardware</i> ng kompyuter.</p>
WAKAS	<ul style="list-style-type: none"> • Dito makikita ang resolusyon, kongklusyon at mungkahi. Kung ang dahilan ng isinagawang pagpupulong ay upang magbigay-linaw, magbigay-mungkahi, at bumuo ng desisyon, napakahalagang maitala rin ang mga ito sa pinakamatapat na pamamaraan.


Halimbawa ng Naratibong Ulat:

Mahalagang Tala at Karanasan sa OJT: Isang Naratibong Ulat

Ang mga mag-aaral ay naatasang mag-OJT sa *Mines and Geosciences Bureau* noong ika-17 ng Pebrero hanggang ika-2 ng Marso, 2020. Kinakailangan nilang maglaan ng 80 oras para sa pagsasanay. Sa pamamagitan ng guro na si Gng. Elizabeth P. Salloman at sa *focal person*, Mary Jean Espiritu, naaprubahan silang maging bahagi sa institusyong ng gobyernong ito. Noong ika-13 ng Pebrero ay nagsagawa ng oryentasyon ang institusyon, Ipinakilala sa mga mag-aaral ang naatasang direktor ng nasabing kagawaran. Kumprehensibong ipinaliwanag ang lahat ng regulasyon upang maging gabay sa ilang buwang pagsasanay o *immersion*. Ang bawat mag-aaral ay kailangang pumasok ng walong oras sa mga piling araw na napag-usapan upang makumpleto ang hinihinging bilang ng oras.

Sa unang araw ng pagsasanay hindi maikakailang nakadama ng hirap ang mga mag-aaral, una hindi sila sanay bumiyahang papuntang *MGB*. Ang bawat isa ay kailangang magsumite ng *timecard* para mamonitor ang pagpasok sa bawat opisina. Matapos magkaroon ng oryentasyon ang tanggapan kung saan sila nakatalaga ay agad silang pinag-ayos ng mga papeles na konektado sa departamento. Ang mga papel na ito ay nagkaloob ng buwanang ulat ng mga produksyon at pinansyal ng iba't ibang kumpanya. Maraming papeles ang isinaayos, hiniwa-hiwalay depende sa kumpanya at sa nilalaman nito. Sa kabutihang palad, walang nakaranas ng hindi magandang pagtrato at paglabag sa Karapatan ng mga mag-aaral. Sa buong panahong pananatili sa naturang institusyon, mainit ang pagtanggap ng mga taong nagtatrabaho sa mga nagsasanay pa lamang. Maging ang mga guwardya at mga *janitor* ay napakababait at magagalang. Hindi inalintana na ang kanilang mga kaharap at kasama ay mga estudyante na kasalukuyang nagsasanay sa kanilang tanggapan. Ang superbisor na gumagabay sa mga mag-aaral ay nagpakita ng pagiging maunawain at paminsan-minsan nag-aabot din ito ng pagkain sa nagsasanay. Mahirap ang simula ng pagsasanay ngunit batid ng mga mag-aaral na ito ay kailangan nilang matapos bilang inisyal na *requirement* sa kurso. Sa tuloy-tuloy na pagpasok, natutuhan nilang magsaayos ng mga *contact information* ng mga trabahador ng nasabing institusyon.

Sa halos isang buwan pananatili, natuto ang mga mag-aaral maging responsable at maging maalam sa paggamit ng oras sa opisinaang pinapasukan. Nagkaroon sila ng dedikasyon sa mga trabaho na iniatas sa kanila. Ang mga karanasan sa *MGB* ay patuloy na pagyayamanin ng mga mag-aaral na ito. Ang *immersion* ay nagbigay ng pagkakataon sa kanila na umunlad kami sa larangan kinabibilangan.


ROBIN A. REYES

Mag-aaral, TVL ICT-Microsoft
Caloocan City Business High School-S

Mamarkahan ang iyong naratibong ulat gamit ang sumusunod na pamantayan:

Pamantayan	Bigat
Pamagat. May isang makabuluhan, maayos, at angkop na pamagat.	25
Nilalaman. Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika	50
Pangkalahatang Impresiyon. May malinis, maayos, at nakasusunod sa mga pamantayan sa pagsulat ng isang naratibong ulat.	25
Kabuoan	100

Gawain 2 Kolaboratibong Pag-unawa

Makipag-ugnayan sa iyong mga kamag-aral at magkaroon ng isang birtuwal na pagpupulong/oryentasyon/seminar o worksyap na nagpapakita ng isang aktuwal na senaryo sa pinagtatrabahuhang kumpanya. Matapos itong maisagawa, sumulat ng isang naratibong ulat na naglalaman ng inyong isinagawang gawain.

Inaasahang makabubuo kayo ng limang miyembro sa bawat pangkat at maaaring sumobra o kumulang depende sa pangangailangan. Maaaring kang pumili sa sumusunod na trabaho:

1. <i>automotive servicing</i>	6. <i>catering</i>	11. <i>hilot (wellness massage)</i>
2. <i>barbering</i>	7. <i>commercial cooking</i>	12. <i>massage therapy</i>
3. <i>bartending</i>	8. <i>driving</i>	13. <i>tailoring</i>
4. <i>beauty care services</i>	9. <i>food and beverages</i>	14. <i>technical drafting</i>
5. <i>bread and pastry production</i>	10. <i>food processing</i>	15. <i>visual graphics design</i>

Makikita ang kompletong listahan ng mga trabaho sa <http://www.deped.gov.ph/k-to12/curriculum-guides/TechnicalVocational-Track>

Gawain 3 Ipaliwanag mo!

Sagutin nang mahusay ang mga tanong batay sa iyong natutuhan sa pagsulat ng isang naratibong ulat.

1. Sa papaanong paraan mo isinulat ang iyong naratibong ulat na batay sa inyong napag-usapan ng iyong pangkat? (10 puntos)

2. Sa iyong palagay, nakasunod ba sa mga pamantayan sa pagsulat ng isang naratibong ulat ang iyong nagawa? (10 puntos)




Isaisip

Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita o parirala sa bawat bilang

naratibong ulat
kronolohikal na porma
walang kinikilingan
sistematikong dokumentasyon
kapana-panabik
mahahalagang tala

1. Ang naratibong ulat ay marapat na may _____ pamagat.
2. Kinakailangan sa pagsulat ng naratibong ulat ang maayos na paglalahad ng mga pangyayari ayon sa _____.
3. Isa itong _____ ng mga pangyayaring naganap na maaaring mabalikan kung kakailanganin.
4. Kailan man ay hindi maaaring magbigay ng sariling opinyon, kuro-kuro, at reaksyon sa pagsulat ng naratibong ulat dahil ito ay nararapat na _____.
5. Naglalaman ito ng mga _____ na magagamit sa pananaliksik.



Isagawa

Nais kong kapanayamin mo ang isang mag-aaral na nagtapos ng *Senior High School* at kunin sa kaniya ang mahahalagang impormasyon hinggil sa kaniyang naging karanasan sa *OJT* o *Immersion*. Isulat sa kahon ang kaniyang mga ibinahagi.

Pamagat:	
SIMULA	
GITNA	
WAKAS	



Tayahin

Basahin at suriin ang halimbawa ng naratibong ulat at sagutin ang kasunod na pagsasanay.

Game na Game sa ICT Week!

Nagsimula ang linggo ng *ICT* noong Ika-1 ng Marso, 2019. Ang nasabing gawain ay para sa mga mahilig maglaro ng *online games*. Mayroong dalawang laro ang inorganisa ng *ICT Club*, ito ay ang *Tekken 7* at *Mobile Legends Tournament*. Kami ay inalalayan ng aming guro na si G. Allan Timbal para maging matagumpay ang aming idadaos na patimpalak. Naganap ang mga patimpalak sa *Senior High School Computer Laboratory* at ito ay pinangunahan ng mga piling guro sa *TVL-ICT*.

Hindi maikakailang nakakapagod ang pag-oorganisa ng ganitong programa. Kami ay nag-ikot sa bawat silid upang magpabatid sa mga mga kapwa namin mag-aaral ang gaganaping gawain ng *TVL-ICT*. Sa tulong ng aking mga kasamahan na sina Mari Louise Trinida, Kevin Bustamante, at Aldrin Udiong ay naging matagumpay din ang pagpapaalam ng impormasyon sa bawat *Strand* at baitang sa *Senior High*. Noong nagsisimula na ang programa, marami kaming naranasang problema at natutuhan kong magtiwala sa aking mga kasama sa pagbuo ng mga desisyon. Bawat isa ay namulat na pahalagahan ang mga papel na ginagampanan maliit man o malaki ito. Hindi maiiwasang magkaroon ng pagkakamali subalit hindi na namin iyon naging balakid. Bagkus ay nagpatuloy na lamang sa aming mabuting layunin.

Nagkaroon ng kaunting hindi pagkakaunawaan sa kumpetisyon dahil sa mabigat na tensyon ng magkalabang koponan. Hindi kami naging pabaya sa pamamahala at nabigyan ng karampatang aksyon ang koponan na lumabag sa itinalagang regulasyon. Mula noon, nalimitahan na ang kantiyawan at pagpapalitan ng hindi magagandang salita. Ninais ng bawat isa na matapos ang kumpetisyon nang masaya, walang nasasaktan, at walang tinatapakang pagkatao.

Nagtapos ang aming programa na mayroong saya sa mukha ang bawat isa lalong higit ng aming tagapayo na si G. Allan Timbal. Lahat ng nanalo ay nagkamit ng inihandang mga papremyo. Sa gawaing ito ang pinakamahalagang tagumpay na nakamit ng *ICT club* ay pagkakaroon ng *sportsmanship*. Kinilala ang lahat ang lahat ng manlalaro sa buong paaralan.


ROBINA REYES
Pangulo *ICT Club*

Caloocan City Business High School-SHS

_____ 1. Alin sa mga alituntunin sa pagsulat ng naratibong ulat ang nalabag ng pahayag na: “**Nagtapos ang aming gawain na mayroong saya sa mukha ang bawat isa.**”?

- A. Huwag husgahan ang damdamin ng mga taong kasangkot sa kaganapan batay sa kung anong nakita mo sa ekspresyon ng kanilang mukha maging ang iyong sariling damdamin.
- B. Mahigpit na ipinagbabawal ang patalon-talon na pagsasalaysay at walang kaisahan sa paghahabi ng mga pangyayaring nagdudulot ng kalituhan sa mga mambabasa.
- C. Kinakailangan sa pagsulat ng ganitong uri ng sulatin ang maayos na paglalahad ng mga pangyayari ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito.
- D. Marapat na kawili-wili simula, umpisa hanggang wakas.

_____ 2. Alin sa mga pahayag ang totoo patungkol sa simula ng binasang teksto?

- A. May kawili-wiling pamagat.
- B. Inilahad ang aral sa pangyayaring naganap.
- C. Patalon-talon ang pagsasalaysay ng mga pangyayari.
- D. Nasunod ang prinsipyo ng pagsulat ng panimula na marapat na isulat kung sino-sinong tao ang nagsalita, nagbigay ng pampasiglang bilang at iba pa.

_____ 3. Alin sa mga pahayag ang **hindi** nagsasaad ng mga katotohanan ukol sa tekto?

- A. Inilahad ang aral sa naganap na pangyayari.
- B. Ipinakita sa simula ang pinakamahahalagang detalye o pangyayari.
- C. Mali ang pagkakaulit ng mga ngalan ng taong kasangkot sa pangyayari.
- D. Ang pagkakasalaysay sa mga pangyayari ay nasa kronolohikal na porma.

_____ 4. Alin sa mga katangian ang **hindi** nabanaag sa binasang teksto?

- A. May mabuting pamagat
- B. May mahalagang paksa
- C. Kawili-wili simula umpisa hanggang wakas
- D. Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

_____ 5. Sa paanong paraan nagtapos ang binasang naratibong ulat?

- A. Nagtapos ito sa pamamagitan ng paglalahat.
- B. Walang nangyaring resolusyon ukol sa paksa.
- C. Nagwakas ito sa isang kotasyon o kasabihan.
- D. Nagbigay ng mahalagang resolusyon ang may-akda.

_____ 6. “Noong nagsisimula na ang gawain, marami kaming naranasang problema at natutuhan kong magtiwala sa aking mga kasama sa pagbuo ng mga desisyon. Namulat kami na pahalagahan ang bawat papel na ginagampanan ng bawat miyembro, maliit man o malaki ito.” Alin sa mga katwiran ang angkop sa isinasaad ng pahayag?

- A. Ito ay marapat na alisin sapagkat wala itong kahit na anong papel na ginagampanan sa teksto.
- B. Ang pahayag ay angkop sa wakas dahil ang tono nito ay nagpapakita ng isang mahalagang kongklusyon.
- C. Ang pahayag ay marapat na ilagay sa umpisa ng naratibong ulat upang ito ay maging kapukaw-pukaw ng pansin.
- D. Marapat na ito ay nasa gitnang bahagi ng naratibong ulat sapagkat ito ay nagpapakita ng mga detalye patungkol sa pangyayari.

_____7. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng paglabag sa prinsipyo ng pagsulat ng isang naratibong ulat?

- A. Sa tulong ng aking mga kasamahan na sina Mari Louise Trinida, Kevin Bustamante, at Aldrin ay naging matagumpay din ang pagpapaalam ng impormasyon sa bawat strand at baitang sa *Senior High*.
- B. Hindi maikakailang nakapapagod ang pag-oorganisa ng ganitong gawain. Kami ay nag-ikot sa bawat silid upang magpabatid sa mga kapwa namin mag-aaral ang gaganaping aktibidad ng *TVL-ICT*.
- C. Naganap ang mga patimpalak sa *Senior High School Computer Laboratory* at ito ay pinangunahan ng mga piling guro sa *TVL-ICT*.
- D. Ang bawat isa ay nagkaroon ng rekognisyon sa buong paaralan sa pamamagitan ng paggawad sa kanila ng gantimpala.

_____8. Saang mga talata matatagpuan ang hindi wastong pag-uulit ng ngalan ng taong kasangkot sa mga pangyayari sa naratibong ulat?

- A. Talata 1 at 2
- B. Talata 3 at 4
- C. Talata 2 at 4
- D. Talata 1 at 4

_____9. Basahin ang mga pahayag, ano ang **hindi** nakatulong sa binasang naratibong ulat?

- A. Isa itong sistematikong dokumentasyon ng mga pangyayaring naganap na maaaring mabalikan kung kakailanganin.
- B. Magagamit ito sa mga pagpapalano, pagsusuri sa isang pangyayari, at batayan sa mas higit na mahusay na programa.
- C. Naglalaman ito ng mga hindi gaanong mahahalagang tala na magagamit sa mga pananaliksik.
- D. Naipabatid din nito ang mahahalagang bagay na nangyari nang detalyado at tiyak.

_____10. Sa anong talata makikita kung paano nagsimula ang palatuntunan/ seminar/ kumpetisyon/ pagpupulong na nakabatay sa programa o imbitasyon?

- A. Talata 1
- B. Talata 2
- C. Talata 4
- D. Talata 5

_____11. Sa anong talata makikita ang pinakamahahalagang detalye sa naganap na pangyayari?

- A. Talata 2 at 3
- B. Talata 2 at 4
- C. Talata 1 at 2
- D. Talata 1 at 4

_____12. Alin sa mga katwiran ang angkop sa pamagat ng naratibong ulat?

- A. Mainam at kawili-wili
- B. May kahabaan at nakababagot
- C. Walang kinalaman sa kabuoang nilalaman ng teksto
- D. Mainam lamang sapagkat ito ay naaangkop sa nilalaman

_____13. Ano ang nararapat na pagkakasunod-sunod ng mga pahayag?

- I. Ang bawat isa ay nagkaroon ng rekognisyon sa buong paaralan sa pamamagitan ng paggawad sa kanila ng gantimpala.

- II. Nagsimula ang linggo ng *ICT* noong Ika-1 ng Marso, 2019. Ang nasabing aktibidad ay para sa mga mahilig maglaro ng online games. Mayroong dalawang laro ang inorganisa ng *ICT Club*, ito ay ang *Tekken 7 at Mobile Legends Tournament*.
- III. Hindi maikakailang nakapapagod ang pag-oorganisa ng ganitong aktibidad. Kami ay nag-ikot sa bawat silid upang magpabatid sa mga mga kapwa namin mag-aaral ang gaganaping aktibidad ng *TVL-ICT*.
- IV. Nagkaroon ng kaunting di pagkakaunawaan sa naturang kumpetisyon dahil sa mabigat na tensyon ng magkalaban na koponan. Hindi kami naging pabaya sa pamamahala at nabigyan ng karampatang aksyon ang koponan na lumabag sa mga regulasyon.

- A. III, II, I, at IV
- B. II, I, IV, at III

- C. II, I, III, at IV
- D. II, III, IV, at I

_____ 14. Alin sa mga katangian ang ipinakikita ng gitnang bahagi ng teksto?

- A. Maligoy na inilatag ang mga naganap na sa palatuntunan.
- B. Ibinuod ang mga naganap na pangyayari at pagtalakay sa mga paksa.
- C. Inilalahad dito ang mga bagay na walang kinalaman at hindi makatutulong sa larang na tinatahak.
- D. Hindi naging sapat ang mga impormasyon kaya nagbigay ito ng malaking kalituhan sa mambabasa.

_____ 15. Alin ang pinakaangkop na pamagat sa kabuoang nilalaman ng naratibong ulat?

- A. Kapistahan ng *ICT Week*
- B. Tagisan sa *Tekken 7 at Mobile Legends*
- C. *ICT Week 2019*
- D. Kahusayan ng mga mag-aaral sa *computer games*



Karagdagang Gawain

Magsaliksik ng dalawang halimbawa ng naratibong ulat at suriin ang nilalaman at ang pagkakaiba nito. Isulat sa patlang ang iyong nabuong pagsusuri.

Naratibong Ulat #1: _____

Naratibong Ulat #2: _____

Pagsusuri:

Mamarkahan ang iyong naratibong ulat gamit ang pamantayan:

Pamantayan	Bigat
Naglalaman ng isang makabuluhan, maayos, at angkop na pamagat.	25
Nakapagsusuri ng natatibong ulat batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika	50
May malinis at maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ang nasuring naratibong ulat.	25
Kabuonan	100



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. C 6. A</p> <p>2. C 7. A</p> <p>3. D 8. B</p> <p>4. B 9. D</p> <p>5. B 10. A</p> <p>II.</p> <p>1. / 2. / 3. / 4. X 5. X</p>	<p>Balikan (Guro ang magwawasto)</p> <p>Tuklasin (Guro ang magwawasto)</p> <p>Pagymanin (Guro ang magwawasto batay sa pamantayang nakalatag)</p>
<p>Isaisip:</p> <p>1. Kapana-panabik 2. Kronolohikal na Forma</p> <p>3. Sistematikong Dokumentasyon</p> <p>4. Walang Kinikilingan</p> <p>5. Mahahalagang Tala</p>	<p>Isagawa (Guro ang magwawasto batay sa pamantayang nakalatag)</p> <p>Tayahin</p> <p>1. A 2. D 3. C 4. D 5. D 6. D 7. A 8. D 9. C 10. A</p> <p>11. A 12. D 13. D 14. B 15. C</p>

Sanggunian

Matienzo, N. et. al. 2008. **Korespondensiya sa Filipino (Binagong Edisiyon)**.
Navotas City: Navotas Press

Valdez, M. (2018). **Naratibong Ulat**. Nakuha sa
<https://www.slideshare.net/MarjorieValdez3/naratibong-ulat-114992965>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph